

Maligayang pagdating.

PINADALING
PAG-SCREEN SA
Kanser sa Kolon

MGA INDIKASYON SA PAGGAMIT

Ang Cologuard® ay inilalaan para sa pagtukoy ng katangian ng mga DNA marker na nauugnay sa colorectal neoplasia at pagtukoy ng pagkakaroon ng occult hemoglobin sa dumi ng tao. Maaaring magpahiwatig ang positibong resulta ng pagkakaroon ng colorectal cancer (CRC) o advanced adenoma (AA) at dapat sundan ng isang diyagnostikong colonoscopy. Ginagamit ang Cologuard para mag-screen ng mga nasa sapat na gulang ng alinmang kasarian, na may edad na 45 taong gulang o higit pa, na karaniwang nanganganib na magkaroon ng CRC. Ang Cologuard ay hindi pamalit sa diyagnostikong colonoscopy o surveillance colonoscopy sa mga indibidwal na may mataas na panganib.


MGA KONTRAINDIKASYON

Inilalaang gamitin ang Cologuard sa mga pasyente, na may edad na 45 taon at higit pa, na may katamtamang antas ng panganib na mga karaniwang kandidato para sa pag-screen ng CRC. Hindi klinikal na sinuri ang Cologuard para sa mga sumusunod na uri ng pasyente:

- Mga pasyenteng may kasaysayan ng colorectal cancer, mga adenoma, o ibang nauugnay na kanser.
- Mga pasyenteng nagkaroon ng positibong resulta mula sa ibang paraan ng pag-screen ng colorectal cancer sa loob ng nakaraang 6 na buwan.
- Mga pasyenteng nasuri na may kondisyong may kaugnayan sa mataas na panganib na magkaroon ng colorectal cancer. Kabilang sa mga ito ang mga ngunit hindi limitado sa:
 - Inflammatory Bowel Disease (Sakit sa Pamamaga ng Bituka, IBD)
 - Chronic ulcerative colitis (CUC)
 - Crohn’s disease
 - Familial adenomatous polyposis (FAP)
 - Kasaysayan ng colorectal cancer sa pamilya
- Ang mga pasyenteng nasuri na may nauugnay sa familial (namamana) cancer syndrome, tulad ng Hereditary nonpolyposis colorectal cancer syndrome (HNPCCC o Lynch Syndrome), Peutz-Jeghers Syndrome, MYH-Associated Polyposis (MAP), Gardner’s syndrome, Turcot’s (o Crail’s) syndrome, Cowden’s syndrome, Juvenile Polyposis, Cronkhite-Canada syndrome, Neurofibromatosis, o Familial Hyperplastic Polyposis.

MGA BABALA AT PAG-IINGAT

- Napatunayan ang paggana ng Cologuard sa isang cross sectional na pag-aaral (sa maikling salita, isang sandali sa panahon). Hindi pa napag-aaralan ang programmatic na paggana ng Cologuard (iyon ay, mga benepisyo at panganib sa paulit-ulit na pagsubok sa nakatakdang panahon). Hindi pa nasuri ang paggana sa mga nasa hustong gulang na dating nasuri gamit ang Cologuard. Hindi pa napapatunayan ang pagiging hindi masyadong epektibo o pagiging napakaepektibo ng pagiging sensitibo ng programa ng Cologuard kung ikukumpara sa mga ibang inirerekomendang pamamaraan ng pag-screen para sa CRC at AA.
- Isinagawa ang mga balidasyong pag-aaral sa klinika sa mga pasyenteng may edad na higit sa 50 taong gulang. Inirerekomenda ng Mga Patnubay ng ACS na simulan ang pag-screen sa edad na 45. Tinantiya ang paggana ng Cologuard sa mga pasyenteng may edad na 45 hanggang 49 na taong gulang sa pamamagitan ng pagsusuri ng sub-group ng mga grupong magkakalapit ang edad.
- Nagkakaiba-iba ang mga rekomendasyon ng patnubay ng pag-screen ng CRC para sa mga taong may edad na higit sa 75 taon. Ang pagpapasiyang mag-screen ng mga taong may edad na higit sa 75 taon ay dapat isagawa ayon sa indibidwal na batayan nang may konsultasyon sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Dapat maingat na ipaliwanag ang mga resulta ng pagsusuri gamit ang Cologuard sa mas matatandang pasyente dahil tumataas ang posibilidad ng pagkakaroon ng mga hindi totoong positibong resulta habang tumatanda.
- Ang negatibong resulta ng pagsusuri gamit ang Cologuard ay hindi garantiya na walang kanser o advanced adenoma. Dapat na payuhan ang mga pasyenteng may negatibong resulta ng pagsusuri gamit ang Cologuard na ipagpatuloy ang pagsali sa programa sa pag-screen sa colorectal cancer sa iba pang inirekomendang pamamaraan ng pag-screen. Hindi pa naitatag ang pagitan sa pag-screen para sa follow-up na ito.
- Ang Cologuard ay maaaring magbigay ng resultang hindi totoong negatibo o hindi totoong positibo. Nangyayari ang resultang hindi totoong positibo kapag nagpapakita ang Cologuard ng positibong resulta, kahit na hindi makakakita ng kanser o precancerous na mga polyp sa colonoscopy. Nangyayari ang resultang hindi totoong negatibo kapag ang Cologuard ay walang natuklasang precancerous na polyp o colorectal cancer kahit na positibong resulta ang natukoy ng colonoscopy.
- Ang mga pasyente ay hindi dapat magbigay ng sample para sa Cologuard kung sila ay nagtatae o kung mayroong dugo sa kanilang ihi o dumi (hal., mula sa pagdurugo ng mga hemorrhoid, pagdurugo ng galos o sugat sa kanilang mga kamay, pagdurugo ng puwit, o regla).
- Upang matiyak ang integridad ng sample, dapat matanggap ng laboratoryo ang ispesimen ng pasyente sa loob ng 72 oras ng pagkolekta. Dapat ipadala ng mga pasyente ang mga sample ng dumi sa laboratoryo ayon sa mga nakasaad na tagabulin sa Cologuard Patient Guide (Gabay sa Pasyente ng Cologuard).
- Dapat abisuhan ang mga pasyente ng mga pag-iingat na nakalista sa Cologuard Patient Guide. HINDI dapat inumin ng pasyente ang likidong pampreserba.
- Mababa ang mga panganib na nauugnay sa paggamit ng Cologuard Collection Kit, walang naiulat na malubhang masamang nangyari sa mga taong kabilang sa klinikal na pagsubok. Dapat na mag-ingat ang mga pasyente kapag binubuksan at isinasara ang mga takip upang maiwasan ang pagkapinsala ng kamay.



MAGSIMULA NA TAYO

Maraming salamat sa pagpili ng Cologuard® para ma-screen sa colorectal cancer. Gamitin ang gabay na ito para matutunan ang tungkol sa:

- Sindali ng **KUNIN. GAMITIN. WALA NA.**
- Tungkol sa iyong mga resulta
- Tungkol sa insurance

KAILANGAN NG TULONG?

Tawagan ang Customer Care Center sa **1-844-870-8870** o panoorin ang video sa paggamit sa **CologuardTest.com/use**.



KUNIN

Mabuting balita! Parating na ang Cologuard.

Sa sandaling ipadala sa amin ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong nakumpletong order, direkta naming ipapadala sa iyo ang collection kit ng Cologuard! Makakatanggap ka rin ng panimulang tawag upang mas malaman pa ang tungkol sa pagkolekta at pagbalik ng iyong sample.

Upang malaman pa ang tungkol sa dapat mong asahan, bumisita sa CologuardTest.com/whatsnext.

KAILANGAN NG TULONG?

Tawagan ang Customer Care Center sa **1-844-870-8870** o panoorin ang video sa paggamit sa **CologuardTest.com/use**.



GAMITIN

Madali ang pagkolekta ng iyong sample. Narito ang ilang tip!



Walang espesyal na paghahanda. Hindi kailangang lumiban sa trabaho o gawain. Walang pagbabago sa iyong diyeta o paggamot.



Kolektahin ang iyong sample sa loob ng iyong bahay (hindi dapat mas malaki ang iyong sample kaysa sa bote ng likido sa kit). Hindi ka dapat magbigay ng sample kung ikaw ay nagtatae o kung mayroong dugo sa iyong ihi o dumi (hal., mula sa pagdurugo ng mga hemorrhoid, pagdurugo ng galos o sugat sa mga kamay, pagdurugo ng puwit, o regla).



Ang matatanggap mong kahon ay ang kahon ding ibabalik mo na maglalaman ng iyong sample. Ayos, 'di ba? Tumutulong ang panloob na bag para hindi magkaroon ng tagas, **kaya huwag sanang tanggalin ang parteng ito dahil ito ay nakadikit.**



Ibalik ang iyong sample sa loob ng 24 na oras ng pagkolekta alinsunod sa mga detalyadong tagubilin sa loob ng iyong kit.

Dahil maaaring maantala ang pagpapadala tuwing weekend, inirerekomenda naming kolektahin at ipadala mo ang iyong sample sa anumang araw sa pagitan ng Lunes at Huwebes.




Makakakuha ka ng isang detalyadong Cologuard® Patient Guide na may mga tagubiling nagsasaad ng bawat hakbang sa iyong kit.

Kung gusto mo ng mga video ng paggamit nito, masuwerte ka!

Bumisita sa CologuardTest.com/use.

KAILANGAN NG TULONG?

Tawagan ang Customer Care Center sa **1-844-870-8870** o panoorin ang video sa paggamit sa **CologuardTest.com/use**.



WALA NA

Ibalik ako sa loob ng 24 na oras! Sundin ang mga simpleng hakbang na ito.

- 1 Punan ang iyong mga label**
Napakahalagang isulat ang iyong pangalan sa eksaktong paraan nang pagkakasulat sa label ng pagpapadala. Tiyaking isulat ang petsa ng iyong kapanganakan, pati na ang petsa at oras na kinolekta mo ang iyong sample. Nakakatulong ang tumpak na paglalagay ng label sa aming lab team upang maipadala ang iyong resulta nang mabilis hangga't maaari.
- 2 Idikit ang iyong mga label**
Pagkatapos punan ang mga label, mariing idikit ang mga ito sa takip at tube ng lalagyan na sample.
- 3 Ipadala ang iyong sample**
Ilagay ang iyong may label na sample sa kahon. Ang mga label para sa pagdadala ay nasa kahon na. Maaari mo itong ipadala mula sa alinmang lokasyon ng UPS, o mag-iskedyul ng pag-pickup sa cologuardtest.com/pickupmykit o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-PICKUPS. **Hindi kailangang magbayad sa pagpapadala!**

KAILANGAN NG TULONG?

Tawagan ang Customer Care Center sa **1-844-870-8870** o panoorin ang video sa paggamit sa **CologuardTest.com/use**.

ALAMIN ANG IYONG MGA RESULTA

Sa sandaling matanggap namin ang iyong kit, susuriin agad ng aming laboratoryo ang iyong sample at karaniwang magkakaroon ito ng resulta sa loob ng dalawang linggo. Ipapadala namin ang mga resulta sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, na agad na magpa-follow up at pagkatapos ay tatalakayin sa iyo. Ngunit sa ngayon, narito ang maikling pangkalahatang-ideya ng dapat asahan.



POSITIBONG RESULTA

- Nangangahulugan ang positibong resulta na nakatuklas ang pagsusuri ng abnormal na DNA at/o dugo na maaaring dulot ng precancer o kanser sa kolon.
- Ang anumang positibong resulta ay dapat sundan ng colonoscopy.
- May mga nangyayaring mga resultang hindi totoong positibo. Nangyayari ang resultang hindi totoong positibo kapag nagpapakita ang Cologuard ng positibong resulta, kahit na hindi makakakita sa colonoscopy ng kanser o precancerous na mga polyp.



NEGATIBONG RESULTA

- Ang negatibong resulta ay mangangahulugang hindi nakatuklas ang pagsusuri ng abnormal na DNA at/o dugo na maaaring dulot ng precancer o kanser sa kolon.
- Planuhing magpa-screen muli sa oras na inirerekomenda ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Inirerekomenda ng American Cancer Society ang pag-ulit ng paggamit ng Cologuard kada 3 taon kasunod ng negatibong resulta.
- Nangyayari ang mga resultang hindi totoong negatibo. Nangyayari ang resultang hindi totoong negatibo kapag ang Cologuard ay walang natuklasang precancerous na polyp o colorectal cancer kahit na positibong resulta ang tinutukoy ng colonoscopy.

KAILANGAN NG TULONG?

Tawagan ang Customer Care Center sa **1-844-870-8870** o panoorin ang video sa paggamit sa **CologuardTest.com/use**.

KAMI ANG BAHALA SA IYO

Saklaw ang Cologuard ng Medicare at karamihan ng mga pangunahing tagapagkaloob ng insurance.

Saklaw ng Medicare at Medicare Advantage ang Cologuard nang walang co-pay kabahaging bayad o deductible (pagkakaltas) para sa mga kuwalipikadong pasyenteng may edad na 50-85.

Sa buong bansa, higit sa 94% ng mga pasyente ng Cologuard ang walang ginagastos mula sa sariling bulsa para sa pagpapa-screen.

- Batay sa Affordable Care Act (Batas sa Abot-Kayang Pangangalaga), dapat na saklaw ang Cologuard ng karamihan ng mga pribadong tagapagkaloob ng insurance nang walang co-pay o deductible para sa mga kuwalipikadong pasyente (may edad 50-75; may katamtamang panganib na magkaroon ng kanser sa kolon; walang sintomas).

Sa kasalukuyan, ang humigit-kumulang 74% ng mga pasyente ng Cologuard na may edad na 45-49 ay walang ginagastos mula sa sariling bulsa para sa pagpapa-screen.

- Nagsimula na ang mga pambansa at pangrehiyon na tagapagbayad na magbayad para sa pag-screen ng CRC sa edad na 45.
Patuloy na nakikipagtulungan ang Exact Sciences sa mga tagapagbayad para mapalawak ang saklaw at access para sa mga pasyenteng may edad na 45-49.

Suporta sa Pasyente


Maaaring may ipairal na pagbubukod sa saklaw; tanging ang iyong tagapagkaloob ng insurance ang makakapagkumpirma kung paano masasaklaw ang Cologuard para sa iyo. Makatutulong sa iyo ang aming koponan ng mga espesyalista sa pakikipag-ugnayan sa iyong tagapagkaloob ng insurance at pagtanong ng mga wastong tanong – mangyaring tawagan kami sa 1-844-870-8870.

Tantiya ng Exact Sciences batay sa kasaysayan ng paniningil sa pasyente hanggang sa Oktubre 1, 2019. Nag-iiba-iba ang halaga ng saklaw ayon sa estado at rehiyon. Maaaring may ipairal na pagbubukod sa saklaw, tanging ang iyong tagapagkaloob ng insurance ang makakapagkumpirma kung paano masasaklaw ang Cologuard para sa iyo.


Matuto pa sa [Cologuardtest.com/insurance](https://cologuardtest.com/insurance).

KAILANGAN NG TULONG?

Tawagan ang Customer Care Center sa **1-844-870-8870** o panoorin ang video sa paggamit sa **CologuardTest.com/use**.



ISANG PAALALA PARA MANATILING NAKAKASUNOD!




Gamitin ang magnet na ito upang maihatid ang iyong sample sa loob ng 24 na oras ng pagkolekta sa pamamagitan ng pagsusulat ng mahahalagang petsa.

KAILANGAN NG TULONG?

Tawagan ang Customer Care Center sa **1-844-870-8870** o panoorin ang video sa paggamit sa **CologuardTest.com/use**.

Sana ay magkita tayo sa lalong madaling panahon!



EXACT SCIENCES CORPORATION
441 Charmany Drive, Madison, WI 53719
ExactSciences.com | ExactLabs.com

1-844-870-8870

Ang Cologuard ay isang rehistradong tatak-pangkalakal ng Exact Sciences Corporation.
©2019 Exact Sciences Corporation. Nakalaan ang lahat ng karapatan.
US.CG.1560-3-Oktubre 2019

Para sa higit pang makatutulong na impormasyon,
bumisita sa **CologuardTest.com**

 **cologuard**[®]
Rx only

**EXACT
SCIENCES**